# Pagsulat ng etiketa, pagbukas ng ampoule at paghugot ng gamot: *Isang hakbang-hakbang na gabay*

caring @home
Symptom management for palliative patients

**1. Kolektahin ang sumusunod na mga bagay:**


- Isang panulat
- Madikit na (mga) etiketa na may code ng kulay para sa (mga) gamot at flush na (mga) hiringgilya
- (mga) ampoule ng (mga) gamot
- Ampoule ng sodium chloride 0.9% para sa pag-flush
- (mga) hiringgilya na screw ang dulo
- Mapurol na (mga) karayom na panghugot
- (mga) takip na ii-screw sa (mga) hiringgilya
- Malinis na lalagyan na paglalagyan ng mga kagamitan
- Lalagyan ng mga matatalim



**2. Isulat ang sumusunod na mga detalye sa maididikit na etiketa para sa bawat hiringgilya ng gamot upang maging handa:**

- Ang dosis ng gamot na nakapaloob sa hiringgilya
- Mga inisyal ng taong naghanda ng hiringgilya
- Ang petsa kung kailan hinanda

✱ *Ang hiringgilya na naglalaman ng sodium chloride 0.9% (ang flush na hiringgilya) ay kailangan ding lagyan ng etiketa.*




**3. Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig at tuyuin nang mabuti**



**4. Ikabit ang mapurol na karayom na panghugot sa hiringgilya sa pamamagitan ng:**

- Tanggalin ang hiringgilya at karayom (na may pamproteksiyong takip) mula sa pakete nang hindi hinahawakan ang bukas na dulo ng hiringgilya o ng karayom
- Pagpihit sa karayom, na may pamproteksiyong takip, sa hiringgilya



**5a. Buksan ang babasaging ampoule sa pamamagitan ng:**

- Hawakan ang ampoule nang paitaas at bahagyang pitikin ang tuktok ng ampoule, ng iyong daliri, upang bumaba ang anumang gamot mula sa loob ng itaas ng ampoule patungo sa ibaba
- Ilagay ang kabilang hinlalaki sa bahagyang itaas ng leeg ng ampoule at putulin ang tuktok ng ampoule na palayo sa iyo

✱ *Kung may isang tuldok sa tuktok ng ampoule, siguraduhin na ang tuldok ay hindi nakaharap sa iyo.*

✱ *Kung mabasag ang ampoule, itapon ito sa lalagyan ng matatalim at magsimulang muli.*

✱ *Ang ilang mga tao ay pinipiling gumamit ng materyal na hindi madulas (non-slip material) upang mahawakan ang tuktok ng ampoule.*

✱ *Ang ilang mga serbisyo ay gumagamit ng mga pambukas ng ampoule - kung ganito, ang iyong nars ay magtuturo sa iyo kung paano gumamit ng isa.*





**5b. Buksan ang plastik na ampoule sa pamamagitan ng:**
– Pihitin ang tuktok ng ampoule hanggang sa ito ay matanggal



**6. Hugutin ang gamot sa hiringgilya sa pamamagitan ng:**
– Alisin ng proteksiyong takip mula sa mapurol na karayom na panghugot
– Ipasok ang karayom sa ampoule at pagkatapos ay mabagal na hugutin ang plunger ng hiringgilya



**7. Alisin ang mga bulang hangin mula sa hiringgilya sa pamamagitan ng:**
– Itutok ang hiringgilya pataas at pagpitik nito gamit ang iyong daliri upang lumipat ang anumang mga bulang hangin patungo sa itaas ng hiringgilya
– Dahan-dahang itulak ng plunger ng hiringgilya pataas, hanggang sa karamihan ng mga bulang hangin ay matanggal at hanggang makuha mo ang tamang dami ng gamot na matitira sa hiringgilya (maaaring makakita ka ng isang maliit na patak ng gamot na lalabas – OK lang ito)



**8. Pihitin ang mapurol na karayom na panghugot para matanggal sa hiringgilya at pagkatapos ay ilagay ito sa lalagyan ng matatalim**



**9. Pihitin ang takip sa dulo ng pinunong hiringgilya**



**10. Ilagay ang nakumpletong etiketa sa blangkong bahagi ng hiringgilya, sikaping iwasan ang lahat ng itim na linya na mga marka ng dami (volume) sa hiringgilya**



**11. Itapon ang bukas na (mga) ampoule sa lalagyan ng matatalim**

**12. Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig at linisin ang ibabaw ng pinagtrabahuhan**

**Kung hindi ka sigurado o nag-aalala, kontakin ang iyong nars o tumitinging doktor/nars para sa karagdagang payo.**



Ang *caring@home* ay pinondohan ng Pamahalaan ng Australya at sa pangunguna ng Brisbane South Palliative Care Collaborative.